# 1

"Tama na iyan, Mylene. Baka kung mapaano ka na niyan. Wala ka nang ginawa kundi umiyak. Ayaw mo ring kumain…" nanlulumong sabi ni Camille sa kaibigan. Bakas sa tinig at anyo nito ang pag-aalala lalo't nakikita nitong mugtung-mugto na ang mga mata ng kaibigan sa kaiiyak.

"C-Camille, ayaw ko nang mabuhay! H-hindi ko alam kung bakit nagawa sa akin ni Noel ang bagay na ito. Ano pang mukha ang ihaharap ko sa ating mga kakilala at kaibigan?"

"Iisa lamang ang nakikita kong dahilan, Mylene. Hindi ka totoong minahal ng walang-kuwentang lalaking iyon. So stop crying, he's not worth your tears." Nagtatagis ang mga bagang nito pagkaalala sa kanyang dating nobyo.

Noon pa man ay hindi na nito gusto si Noel para sa kanya. May pakiramdam kasi si Camille na tila hindi gagawa nang mabuti ang lalaki. Subalit wala itong nagawa dahil inaalala nito ang damdamin niya.

Sa tingin nito ay masaya si Mylene sa piling ni

Noel kaya ipinagdasal na lamang nito na nagkamali lang ito ng kutob sa lalaki. Hanggang sa dumating nga ang araw ng kasal niya sa nobyo. Hindi siya nito sinipot, sa halip ay isang lalaking hindi niya nakikilala ang nagdala sa kanya ng isang sulat.

*I'm sorry, Mylene. But marrying you while loving somebody else is a big mistake.*

Iyon ang nilalaman ng liham. Ni hindi man lang nagkaroon ng tapang ang kanyang dating nobyo para sabihin iyon sa kanya nang harapan.

"P-pero mahal ko pa rin siya. Kung babalik siya ngayon sa aking piling ay nakahanda akong kalimutan ang lahat ng nangyari," desperadang sabi ni Mylene sa pagitan ng malakas na pag-iyak.

"Stop it, Mylene! Huwag ka ngang hangal! Nakita mo na ang tunay na kulay ng lalaking iyon, 'tapos ay sasabihin mong nakahanda ka pa ring tanggapin ang isang kagaya niya?"

"Kung ganoon, C-Camille, s-sasama na ako sa iyo sa General Santos. Payag na akong iwan ang malungkot na kabanata ng aking buhay dito sa

Maynila," saad niya.

Dalawang linggo na mula noong alukin siya nitong magbakasyon sa San Isidro, General Santos City. At ngayon lang niya napag-isip-isip na tamang tanggapin niya iyon kaysa magsumiksik dito sa Maynila at umasang babalikan pa siya ni Noel.

Hindi napigilan ni Camille ang mapakunot ang noo. "Bakit? Ano ang nangyari at biglang nagbago ang isip mo? Akala ko ba'y…"

Hindi nito nagawang tapusin ang itatanong dahil nakita nitong bumabalong muli ang luha sa mga mata niya.

"W-why, Mylene? Tell me."

"Napakatanga ko talaga, Camille! Hindi ko man lang naisip na napakalaking kahihiyan ang gagawin ko sanang pagmamakaawa kay Noel upang muling bumalik sa akin."

"Y-you m-mean, i-itinuloy mo pa ring gawin iyon sa kabila ng mga sinabi ko sa iyo?" di-makapaniwalang tanong nito.

Marahang tumango ang umiiyak na dalaga.

"Pinuntahan ko siya sa kanyang pad kahapon. At mas masakit pala sa pakiramdam kung maririnig mo

mismo sa bibig ni Noel ang panloloko at pagtataksil kaysa noong mabasa ko ang sulat niya."

"W-what do you mean?"

"Kakatok na sana ako sa pinto nang marinig kong binanggit ng babaeng tinawag niyang Ciara yata, o S-Sherah ba… or something like that. Binanggit niya ang pangalan ko kaya hindi ko itinuloy ang pagkatok. Bagkus ay pinakinggan ko ang kanilang pag-uusap…"

Sa pagitan ng paghikbi ay isinalaysay ni Mylene ang mga narinig sa pad ng dating kasintahang si Noel….

---

*"A-ano pa ba ang gusto mo? Hindi nga ba't iniwan ko na si Mylene para sa 'yo? Tinalikuran ko siya sa araw mismo ng aming kasal. Ano pa ba ang patunay na gusto mo para paniwalaan mo akong ikaw ang mahal ko at hindi siya?" nagmamakaawang sabi ni Noel sa kung sinumang babae na kausap nito sa loob ng pad nito.*

*Napatda si Mylene nang marinig iyon. Alam niyang masama ang makinig sa usapan ng may usapan, subalit ang pagkakarinig niya ng kanyang pangalan ay pumukaw sa interes niya…*

*Ito rin ang tila nag-utos sa kanyang gawin ang isang bagay kahit pa nga ba alam niyang labag iyon sa kagandahang-asal.*

*"Sinabi ko naman sa iyo dati na hindi mo kakayaning makipaghiwalay sa akin, Noel. Ako lamang ang may kakayahang magpaligaya sa iyo, di ba? Kung paanong ikaw rin lang ang may kakayahang magdala sa akin sa langit... Pero ang tigas talaga ng ulo mo, pinatulan mo pa rin ang Mylene na iyon! At hindi ko iyon matatanggap dahil ikaw ay para lamang sa akin!" malakas na sigaw ng babae.*

*"Kung talagang ako lang ang mahal mo, bakit nakita kitang may kahalikang ibang lalaki? Sino iyon? A-ano mo siya, Ciara? Alam mo ba kung gaano kasakit sa akin iyon? Gusto kong ibalik sa iyo ang ganoong pakiramdam kaya naghanap ako ng ibang babae na puwede kong ipantapat sa iyo," mariing tugon ni Noel.*

*Nang mga sandaling iyon ay parang sasabog na ang dibdib ni Mylene dahil napatunayan niyang totoo pala ang hinala ni Camille sa lalaki. Ginamit lang siya nito... niligawan at niyayang pakasal upang pasakitan ang babaeng tunay nitong gusto.*

*Ngayon ay naunawaan na niya kung bakit nagmamadali ang lalaki na magpakasal sila gayung*

*ilang buwan pa lamang silang magnobyo. Kaya pala….*

*Hindi niya napigilan ang kirot sa dibdib. Ganoonpaman ay sinikap niyang patatagin ang kalooban. Kailangan niyang ipagpatuloy ang pakikinig sa pagtatalo ng dalawa sa loob kung gusto niyang higit na maunawaan kung bakit nangyari sa kanya ang mapait na karanasang iyon.*

*"Ang babaeng iyon, ipantatapat mo sa akin? Kung hindi ako nagkakamali ay ni hindi mo pa nga naikakama ang Mylene na iyon 'tapos sasabihin mong…." Malakas na humalakhak ang babaeng kausap ni Noel sa loob.*

*Nagtagis ang mga ngipin ni Mylene sa ngitngit sa narinig.*

*"Dahil alam kong kapag nakarating sa iyo ang balitang maganda ang babaeng ipinalit ko sa iyo ay muli kang magbabalik sa akin."*

*"You're right, Noel! Gusto kitang patayin nang mabalitaan kong may nililigawan kang ibang babae. Pero hindi ako makaalis sa tabi ni Jed dahil kailangan ko siyang papaniwalain na siya lang ang mahal ko. Kaya naman sumama ako nang umuwi siya sa kanila, kahit pa napakalayo ng lugar nila."*

*"By the way, siya ang nakita mong kahalikan ko, lover boy. Hindi ka dapat mag-worry dahil hindi ko siya talaga mahal. Alam mo bang malaki ang maitutulong sa atin ng kayamanan ng lalaking iyon? Napabilis ang balik ko dito sa Maynila nang mabalitaan kong nakahanda kang magpakasal sa ibang babae kahit ako ang mahal mo. Kailangan kitang pigilan.*

*"Naisip kong saka ko na lamang aasikasuhin ang tungkol sa Jed na iyon. For the meantime, kailangan mo munang bayaran ang naging takot ko. And you know how, right, lover boy?"*

*Biglang nag-iba ang timbre ng boses ng mga ito. Parang nahuhulaan na ni Mylene kung ano ang nangyayari sa loob kaya tila wala sa sariling nilisan niya ang lugar na iyon.*

---

"Tama ka, Camille," ani Mylene nang magbalik ang isip sa kasalukuyan. "Tama nga lang pala na kagalitan mo ako at sabihang hangal dahil napakalaki kong tanga!"

Napailing na lamang si Camille dahil sa awa sa kaibigan pagkatapos niyang magkuwento tungkol sa napakinggang usapan sa pad ni Noel.

"Gusto sana kitang sisihin kung bakit

pinakinggan mo pa ang usapang iyon. Alam mo namang makakasakit lang lalo iyon sa iyong damdamin. Pero mabuti na rin ang nangyari, friend. Nakatulong iyon para pagliwanagin ang inaagiw mo na yatang utak dahil sa pagmamahal sa lalaking hindi naman deserving ng iyong pag-ibig," mataray na sabi nito kahit nga umiiyak pa rin siya.

"M-masyado kasi akong nadala sa matatamis na salita ni Noel. Iyon pala'y pulos kasinungalingan ang lahat. Manloloko siya! Simula ngayon ay hindi na ako muling magtitiwala sa kahit kaninong lalaki… pare-pareho sila!"

"Huwag kang magsalita ng ganyan, Mylene. Oo, niloko ka ni Noel. Pero hindi nangangahulugan iyon na ang ibang lalaki ay lolokohin ka rin," nag-alalang sabi nito.

Naisip kasi ng babae na ireto ang kaibigan sa kuya nito. Sa tingin nito ay bagay ang dalawa. Pero ngayong mukhang nagalit na yata si Mylene sa lahat ng lalaki....

Napakasuplado pa naman ng kapatid nito at galit yata sa babae. Or, hindi pala sa lahat—sa mga taga-Maynila lamang.

"Simula ngayon, kakalimutan ko na si Noel! At

hindi na ako muli pang maniniwala sa sinumang lalaki na magsasabing mahal ako dahil hindi totoo iyon," pinal na sabi ni Mylene na ikinapanlumo ng kausap.

Nagpatuloy siya nang hindi kumibo ang kaibigan, "At para makalimutan ko na talaga ang lalaking iyon ay kailangan kong lumayo. Sasama ako sa iyo sa pag-uwi mo sa probinsya, Camille."

Ngumiti ang babae, kahit pa nga sa loob nito ay mayroong pag-aalinlangan. *Ah… bahala na nga!* anito sa sarili na iniisip pa rin ang maaaring maging reaksyon ng kapatid sa pagdadala nito kay Mylene sa Tierra del Savio.

# 2

Hindi makapaniwalang iginala ni Mylene ang mga mata sa buong paligid pagkatapos nilang makalagpas sa isang mataas na tarangkahan na yari sa malalaking kahoy. Ang dulo nito ay isang arko na kinasusulatan ng 'Tierra del Savio.'

Sa pambihirang tanawin na nakikita niya ngayon ay tila nakalimutan niya ang pagod sa napakahahabang biniyahe nila gamit ang arkiladong sasakyan. Bumaba sila mula roon nang mapatapat sa entrada ng napakalaking bahay.

"You mean, dito ka nakatira? My gosh, Camille! Halos isang taon at kalahati na tayong magkaibigan, magkasama sa bahay at magkasosyo sa *Bumble Bugs*, pero hindi ko akalaing haciendera ka pala at nagmamay-ari ng malawak na lupain at ganito kalaking bahay." Sinipat pa niya ang tanawing nasa kanyang harapan.

"Hindi ako makapaniwalang nagtitiyaga ka sa kakarampot nating kinikita sa ating computer shop gayung puwede ka naman palang magbuhay-reyna rito. Kahit hindi ka marahil magtrabaho ay wala kang magiging problema."

"Diyan ka nagkakamali, Mylene. I was so bored noong nandito pa ako. Ayoko ng ganoong klase ng buhay kaya nga nagpunta ako sa Maynila, sa kabila ng mahigpit na pagtutol ng aking kapatid. Gusto kong maka-experience ng mas exciting na buhay."

Nginitian siya nito. "And I found it nang makilala kita. Oo nga't maliit lang ang kinikita natin sa computer shop, but I can proudly say na nagkakapera ako dahil sa sarili kong pagsisikap. Nabibili ko ang gusto ko mula sa perang pinaghirapan ko. At higit sa lahat, nabubuhay ako na walang nagsasabi kung ano ang dapat at hindi ko dapat gawin. Para akong bilanggo dito, baka akala mo," mahabang litanya nito.

"Over ka naman! Paano mo nasabing bilanggo ka rito?" Ngumiti si Mylene. "Pero natutuwa ako dahil kahit papaano ay itinuturing mo nang isang malaking bagay ang pagkakataong nagkasama tayong dalawa. Kahit ako ay ganoon din ang pakiramdam pagkatapos nating maging close sa isa't isa."

"Oo nga't simple ka lamang, Mylene, pero naibigay mo naman sa akin ang hinahanap kong self-worth. Kaya nga ganoon ka kahalaga sa akin. Ayaw kong nakikita kang malungkot. I just hope

na bago tayo umalis dito ay bagong Mylene na ang makikita ko.”

Magkaklase sila ni Camille noong college at dahil parehong ulila at nag-iisa sa Maynila, naging malapit sila at hanggang ngayon nga ay matalik pa rin silang magkaibigan.

Dahil masyado siyang na-touch sa sinabi ni Camille ay gusto niyang mapaluha. Pinilit niyang magbiro upang mapigilan ang luhang namuo sa sulok ng mga mata.

“Camille, ha! Don’t tell me na nagkakagusto ka na sa akin? Oo nga’t sinabi kong hindi na ako magtitiwala pa sa mga lalaki, pero hindi naman nangangahulugan iyon na sa babae na ako papatol,” nakangiting sabi niya.

“Aba’t...! Hoy, excuse me! Lalaki ang type ko! Oo nga’t aminado akong super beauty ka… na kahit marahil ang mga baka at kabayong alaga namin dito ay maaaring magkagusto sa iyo, pero rest assured na safe ka sa akin.”

Nagkatawanan ang dalawa.

“Pero, teka… hanggang dito na lang ba talaga tayo sa labas ng bahay? Ako ba ay hindi mo papapasukin para naman makita ko ang loob ng

iyong palasyo?" pagkuwan ay ungkat ni Mylene.

"Ay, oo nga pala! Napaka-unhospitable ko naman. Pero teka, may ire-request lang ako sa iyo. Kung puwede sana'y… a-anuman ang…" Napakamot ito sa kilay habang nag-iisip ng tamang salita. "Paano ba ito… w-what I mean is, pagpapasensyahan mo na sana ang…."

Hindi malaman ni Camille kung paano ipapaliwanag sa kaibigan ang tungkol sa kuya nitong suplado. Inilihim nito kay Mylene ang naging saloobin ng kapatid nang itawag nito roon na dadalhin siya sa Tierra del Savio upang magbakasyon.

"Ano'ng palagay mo sa bahay natin? Isang hotel o resort na puwedeng gawing bakasyunan ng kung sinu-sino? Napakatagal mong hindi umuwi ng General Santos, Camille. Patawag-tawag ka lang 'tapos ngayong naisipan mong umuwi ay magbibitbit ka pa ng isa pang magiging alalahanin dito!"

Hindi pa nga ito nakakahanap ng magandang salita para balaan si Mylene tungkol sa ugali ng kapatid nito ay bigla nang bumukas ang malaking pinto ng ancestral house. Iniluwa niyon ang kuya ni Camille na ngayon ay singkit na singkit ang mga mata habang pinaglilipat-lipat ang tingin sa dalawang babae.

"K-Kuya Jed! H-hindi ko alam na nandito ka na."

"G-good afternoon ho, Mr. del Savio. I… I'm Mylene Montañez. Kaibigan po ako ni Camille," magalang na bati ng dalaga bagaman hindi niya napigilan ang mag-stammer. Hindi niya inaasahang ganito kaguwapo ang kuya ng kanyang kaibigan.

Pero ang ipinagtataka niya ay kung bakit tila galit ang binata. Kanino kaya ito nagagalit—kay Camille o sa kanya?

"I thought I made it clear…." simula ng lalaki sa tinig na nakakapanlambot ng mga tuhod. Buong-buo ang baritono nitong boses at puno ito ng awtoridad. Ngunit kaagad pinutol ni Camille ang sasabihin ng kapatid at humalik sa pisngi nito.

Iyon ang inakala ni Mylene na ginawa ng kaibigan. Walang-wala sa hinagap niya na pagalit na bumulong pala ito sa kapatid…

"Kuya Jed, please… I'm warning you! Huwag kang magpapakita ng kagaspangan ng ugali sa kaibigan ko or else…"

"Or else what? Sinabi ko na sa iyo sa phone na ang bahay natin ay hindi hotel! So bakit ka magsasama ng isang bakasyunista rito?" naulinigan ni Mylene na sabi ng lalaki sa kaibigan niya. Naputol

ang ginagawa niyang pagmamasid sa kabuuan ng mala-palasyong tahanan ng mga ito.

Iyon marahil ang hindi masabi-sabi ni Camille kanina bago bumukas ang malaking pinto. Kaya pala ganoon na lang ang pag-aatubili nito. Ngayon ay malinaw nang nag-register sa kanyang utak ang pagtutol ng lalaki na tumigil siya sa bahay na iyon kasama ang kapatid nito.

"I'm sorry, Mr. del Savio. Hindi kami marahil nagkaintindihan ni Camille tungkol sa bagay na iyon. Gayunpaman, ipagpaumanhin ninyo kung sa palagay ninyo ay nakagambala ako dito." Binalingan niya ang kaibigan. "Don't worry, Camille, I would know my way back. You can stay here, I can manage." Ibinalik niya ang pansin kay Jed. "Goodbye, Mr. del Savio, and thanks for your hospitality," sarkastiko niyang sabi.

Taas ang noong tumalikod siya, bitbit ang mabigat niyang maleta.

"Mylene, no! W-wait! Hindi ka maaaring umalis!" narinig niyang sigaw ni Camille sa gumagaralgal na tinig. Kung hindi siya nagkakamali ay umiiyak na ito. Pero hindi niya ito pinansin.

Tumigil si Mylene sa tapat ng malaking

tarangkahan. Iniisip niya kung makakaya ba niyang buksan iyon. Kanina ay bukas iyon nang lumampas sila roon ng kaibigan. Kung sino ang nagsara nito ngayon ay hindi niya alam.

Nasa gayon siyang pag-iisip nang may malakas na nagsalita mula sa kanyang likuran.

"At saan ka sa palagay mo pupunta?"

Kahit hindi lumingon ay alam niya kung sino ang nagmamay-ari ng tinig na iyon. Naningkit ang kanyang mga mata pero hindi kumibo. Ni hindi niya nilingon ang kinaroroonan ni Jed. Inilapag niya ang kanyang maleta sa lupa at balak sanang itulak ang tarangkahan.

"I said, where do you think you're going? Kung inaakala mong makakaya mong itulak iyan pabukas ay nagkakamali ka. Hindi mo ba nakikitang solidong narra ang gate na iyan?"

Napaigtad si Mylene dahil sa lakas ng tinig ng binata. Pero kung inaakala nito na matatakot siya dahil doon ay nagkakamali ito.

"Look, narinig kita the first time you asked. Hindi mo na kailangan pang ulitin. At lalong hindi mo kailangang sumigaw. Bumalik ka na sa bahay ninyo at iwan mo na ako rito," mataray na sagot ng

nakatalikod pa ring dalaga.

“Humarap ka nga sa akin. Hindi ako sanay ng nakikipag-usap sa likod ng isang tao,” malakas na sabi ng lalaki, dahilan kung bakit tila nagpanting ang magkabila niyang tainga at nasigawan din niya ito.

“Sinabi nang huwag mo akong sigawan! At sino ka ba sa akala mo para makapag-utos ng ganyan? Parang kang panginoon na—”

Subalit hindi natapos ni Mylene ang sasabihin. Naramdaman niya nang marahas siyang ipihit ng lalaki paharap dito.

“Tama ka. Ako nga ang panginoon ng lugar na ito ng Tierra del Savio. At alam ng lahat ng taga-rito sa San Isidro, General Santos City na ayaw na ayaw kong may nakikipagtalo sa akin. Hindi ko rin gustong may nagdidikta sa akin. Dito, ako ang nag-uutos. At kailangang sundin iyon, kung hindi…” may pagbabantang sabi nito.

Buong puwersang pinalis niya ang pagkakahawak nito sa kanyang braso, ni hindi pinansin ang litanya nito.

“Bitiwan mo nga ako! Nasasaktan ako! Ngayon ay naiintindihan ko na kung bakit mas pinili ni

Camille na manatili sa Maynila at malayo sa iyo. Kahit ako ang nasa kalagayan niya ay ganoon din ang gagawin ko. Hindi ako tatagal ng isang minuto rito na kasama ka!" Mataas na rin ang boses niya.

Wala siyang pakialam kung hindi man nagustuhan ng lalaki ang ginawa niyang pagsagut-sagot dito. Kahit pa nga nakita niyang nag-isang linya na lang halos ang mga kilay nito dahil sa galit.

Bale-walang binuhat muli ni Mylene ang kanyang maleta ngunit marahas na inagaw iyon ni Jed.

"Ano ba!" bulalas niya.

"Halika na. Bumalik ka na sa loob. Hinihintay ka roon ng kapatid ko," parang walang anumang utos nito.

"Kung inaakala mong mapapabalik mo pa ako sa bahay mo, pagkatapos kong malaman na labag pala sa loob mo ang pagparito ko, puwes, nagkakamali ka, Mr. del Savio. Give me back my suitcase at babalik na lang ako ng Maynila."

Marahan itong umiling. Tumingin ito sa kanya kasabay ng isang ngiti na puno ng pang-uuyam.

"Para makabalik ka ng Maynila ay kailangan mo

uling sumakay ng eroplano. At para makasakay ka ng eroplano ay kailangan mong bumalik sa airport. Para makarating ka sa airport ay kailangan mong magbiyahe uli ng dalawang oras mula sa kabayanan. Iyon ay kung may masasakyan ka paalis ng Tierra del Savio."

Lalong napikon ang dalaga sa paraan ng pagkakasabi niyon ng binata na parang batang paslit ang kinakausap nito. Pero pinili niyang magsawalang-kibo na lamang. Hinayaan niyang ipagpatuloy nito ang anumang sasabihin pa nito. "Pero kung magmamatigas ka, ikaw ang bahala. Kaya lang ay gusto kong ipaalam sa iyo na hindi ito katulad ng Maynila na kahit saan ay puwede kang tumawag ng jeep o taxi. Walang ganoon dito, lalo na kung dito ka manggagaling sa rancho. Ilang milya rin ang layo nito sa bayan."

Natigilan siya. Nakalimutan niyang kinailangan pa nga pala nilang mag-arkila ng isang sasakyan kanina bago sila makarating dito. And the ride took them almost two hours.

"H-hindi bale, puwede akong maglakad-lakad. Marahil ay may makikita akong tao diyan sa labasan na puwede kong pakiusapan. At kung ayaw mong ibigay sa akin ang maleta ko ay hindi na rin bale."

Iyon lang at buong lakas na itinulak ni Mylene ang tarangkahang kahoy na himalang bumukas. Tuluy-tuloy siyang lumampas doon.

Kung lumingon lang sana si Mylene nang sandaling iyon ay nakita niya tiyak ang bahagyang pagngiti ng binata. Dagli rin namang nawala iyon.

"Kung hindi ko nga lamang inaalala na baka totohanin ng kapatid ko na hindi na ako kakausapin kahit kailan kapag hindi kita napabalik sa bahay, hahayaan talaga kitang maglakad hanggang bayan," iritadong bulong nito bago inilapag ang maleta ng dalaga at sinundan siya.

Naramdaman niya ang pagsunod ni Jed.

"You can go back, Mr. del Savio. Kahit ano pa ang gawin at sabihin mo ay hindi na ako babalik sa bahay mo," sabi niyang hindi lumilingon.

"Sasabihin ko lang naman sa iyo na wala kang makikitang tao diyan. Mababangis na hayop, marami. Oo nga pala… noong isang araw ay may natagpuan diyang babae na nakabalot sa kumot na puti. At ang dinig ko ay mukhang ginahasa muna yata bago pinatay. Sige, enjoy the long walk. Gumagabi na, kung hindi mo napapansin."

Tumigil sa paglakad si Mylene. Pinakiramdaman

niya ang paligid. Maliban sa mga huni ng ibon, wala na siyang iba pang naririnig.

Tumingala siya; wala siyang nakita kundi ang madilim na kalangitan…

Lumingon siya sa kanyang likuran at ganoon na lang ang takot niya dahil wala na roon ang lalaking mayabang. Sinundan niya ng tingin ang daan pabalik sa loob ng Tierra del Savio. Naisip niyang napakabilis namang maglakad ng lalaki dahil hindi na niya ito maaninag pa.

"Hah! Talagang bastos at walang modo!" singhal ni Mylene.

Hindi niya sukat akalaing magagawa nga ni Jed na iwan siya sa bahaging iyon ng madilim na daan. Walang katau-tao at alam niyang pulos matataas na talahib lang ang naroroon sa magkabilang gilid ng kalsada. Napansin niya iyon noong dumaan sila roon kanina sakay ng jeep.

Nagsisimula na talaga siyang matakot. At sa katahimikan ng paligid ay unti-unti na rin niyang nararamdaman ang pagod dahil sa mahabang biyahe nila. Nakaramdam na rin siya ng pagkalam ng sikmura.

Lihim niyang naisumpa ang binatang

nagmamay-ari ng rancho. Kapag nagkaroon uli siya ng pagkakataon na makaharap ang Jed del Savio na iyon ay ipamumukha niya sa lalaki kung gaano kasama ang ugali nito.

Nasa gayon siyang pag-iisip nang maramdaman niyang parang may kumakaluskos mula sa kanyang likuran. Lalong sumasal ang tibok ng kanyang puso. Paano kung totoo ang sinabi ng lalaki tungkol sa babaeng ginahasa at pinatay?

Ang lahat ng mga alalahaning iyon at ang takot na naramdaman ng dalaga ay bumalot sa buo niyang pagkatao nang may marahas na humawak sa dalawa niyang braso, dahilan kaya biglang sinakop ng kadiliman ang kamalayan niya.

Ang huling natatandaan ni Mylene ay may mga braso na pumigil sa tuluyan niyang pagbagsak sa lupa….

# 3

Umaliwalas ang mukha ng nagbabantay na si Camille nang marinig ang mahinang ungol na pinakawalan ni Mylene.

"Mylene! Salamat sa Diyos at gising ka na! A-ano ang nararamdaman mo?" Napansin niya ang pagkataranta sa tinig na pamilyar sa kanya.

Unti-unti niyang iminulat ang mga mata.

"C-Camille, what happened? Paano'ng… b-bakit ako naririto?" nagugulumihanang tanong niya.

Pinilit niyang balikan sa isip kung ano ba ang dahilan at nagising siyang naroroon na sa loob ng silid na iyon na bagaman maganda ay hindi naman pamilyar sa kanya.

"I… I'm sorry about what happened. Kasalanan kong lahat ito. You are here in one of our guest rooms. Si Kuya Jed ang nagdala sa iyo rito. Alam mo bang ganoon na lang ang takot ko nang makita kitang buhat-buhat ng kuya ko papasok sa loob ng bahay? And I tell you, Mylene. Hindi ko talaga mapapatawad ang Kuya kung nagkataong may masamang nangyari sa iyo."

Marahang bumangon si Mylene. “Shh... don’t blame yourself. Wala akong sinisisi sa nangyari kundi ang sarili ko. Kung hindi ako nag-impose ay hindi naman marahil—”

“But you did not impose! I invited you to stay here with me,” pagtatama nito. “Wala siyang karapatang sabihin iyon sa aking bisita. Pero alam mo, mukhang na-guilty din naman ang Kuya Jed. Kasi kagabi nang buhat ka niya ay worried na worried ang hitsura niya. Inutusan niya ang mga maids na ihanda itong pink room para sa iyo. At nang tinitingnan ni Dr. Velazco kung ano ang lagay mo, si Kuya ang hindi mapakali. He only calmed down nang sabihin ng doktor na gawa lang ng stress kaya ka nag-pass out, and that you just needed rest.”

Hindi niya pinansin ang sinabi ni Camille tungkol sa pagiging worried umano ng kapatid nito sa kanya. In fact, hindi rin niya pinaniniwalaan na concerned sa kanya ang Jed na iyon dahil sa nangyari. In the first place, hindi ba’t ayaw talaga ng lalaki na mag-stay siya sa bahay ng mga ito?

Hindi na lang niya isinatinig iyon. Sa halip ay iginala niya ang paningin sa silid na kanilang kinaroroonan—where all she could see was the color pink. From the ceiling to the flooring, the walls...

the draperies, bedsheet, blanket and pillow cases. Lahat ay kulay rosas. Hence, the name pink room.

Paborito niya ang kulay na iyon. Subalit hindi niya magawang i-appreciate ang paligid lalo na nang maalala muli ang eksena sa pagitan nila ng may-ari ng bahay na iyon.

*Hmph! Na-guilty marahil ang lalaking iyon dahil siya talaga ang may kasalanan kung bakit ako nawalan ng malay*, piping sabi niya sa sarili. Naalala niya ang mga sinabi nito na nagpatakot sa kanya.

"Ah, Camille... alam mo ba ang tungkol sa babaeng natagpuan daw na patay diyan sa may labasan? Ginahasa raw muna ito bago pinatay? Iyon kasi ang sinabi sa akin ng kuya mo kagabi kaya nga natakot ako. And then out of nowhere ay may humawak bigla sa braso ko. Ngayon ay malakas ang kutob kong ang kuya mo mismo iyon."

Nanlaki ang mga mata nito, pagkuwa'y kumunot ang noo. "Sinabi niya iyon? Wala akong natatandaan o nababalitaan na ganyang pangyayari sa loob at labas ng Tierra del Savio.

"Unang-una, mababait ang mga tao dito. Pangalawa, takot sila kay Kuya Jed. Alam nila kung paano magalit si Kuya. At iyon ang isa sa pinakaaayaw

niya—na ang mga tauhan niya ay mang-agrabyado ng babae. Hindi ako sigurado sa dahilan niya kung bakit niya sinabi sa iyo ang bagay na iyon… pero natitiyak kong wala iyong katotohanan.

“At ’yung tungkol sa hinawakan ka niya sa iyong braso, ikinuwento niya sa akin na nag-alala daw siya nang bigla kang mawalan ng malay.Hinawakan lang naman niya ang braso mo para pilitin kang bumalik na rito sa bahay.”

Tumaas ang dugo ni Mylene patungo sa ulo. “You mean, s-siya talaga iyon? Kung ganoon ay sinadya niyang takutin ako! My God, kung alam ko lang…”

“Kung alam mo lang ay ano?” anang tinig na galing sa kanilang likuran kaya sabay na napalingon doon ang magkaibigan. Nakatayo sa bukana ng pinto ang malaking bulto ng katawan ng lalaking oo nga’t guwapo at nagtataglay ng kakaibang panghalina, subalit para kay Mylene ay ito na yata ang maituturing niyang pinakawalang-modong lalaki na nakilala niya sa tanang buhay niya... well, aside from Noel. “What would have you done if you knew it was me who grabbed your arm last night?”

“How could you, Kuya! You were the reason why Mylene passed out last night. Tinakot mo siya when you fabricated that story. Alam mong kahit

nasa Manila ako ay nakakarating pa rin sa akin ang mga nangyayari dito sa Tierra del Savio, at walang nasasabi sa akin si Marco about that morbid story."

Lumapit si Jed sa kanila. "Oh, that. W-well, I'm sorry. Sinabi ko lang iyon sa iyo, Miss Montañez, dahil gusto ko lang na pabalikin ka na agad dito. But just as I thought, you are as hardheaded as my sister. Imbis na sundin ako ay mas pinili mo pang tahakin ang madilim na kalsadang iyon," sagot ng lalaki na tumigil sa gilid ng kama ni Mylene.

Lihim na napasimangot siya. Saan ba naman makakakita ng taong nagso-sorry nga pero mukha namang galit pa! Punung-puno ang tinig nito ng sarcasm.

"Dahil ayaw ko nang inuutusan ako! At saka, I heard you loud and clear last night, hindi mo gustong nagpunta ako dito. Hindi ako welcome sa bahay mo, so why should I go back?" medyo napalakas na turan niya na ikinagulat ng magkapatid.

"At ngayon marahil ay alam mo na ring sa lahat ng ayaw ko ay 'yung sinasalungat ang inuutos ko. Kung gusto mong manatili dito sa Tierra del Savio, better keep that in mind. Or you'll see yourself booked in the next flight back to Manila."

Nanlaki ang mga mata ni Camille. “Kuya, you mean, pumapayag ka nang—”

Kay Mylene pa rin ito nakatingin. “I don’t have any choice. My sister here insisted that the surrounding would do you good… na makatutulong sa iyo nang malaki ang katahimikan at katiwasayan ng paligid. Although she did not elaborate it any further. Kaya kahit labag sa kalooban ko ay wala na akong magagawa.

“What would the people think if they found out that my sister is staying in a hotel with her friend gayung napakalaki nitong bahay? So you will stay here, Miss Montañez. But on my terms. And please, better remember not to argue with me again next time.”

Pagkasabi niyon ay mabilis nang tumalikod si Jed at iniwan sila sa silid.

“Tingnan mo ang ugali ng kapatid mo, Camille. Kung nagkataong hindi mo siya kuya ay baka kung ano na ang sinabi ko sa kanya. Bakit ba siya ganoon?” nagngingitngit na angil niya na nakatingin pa rin sa pintong nilabasan ng binata.

“Hindi naman siya nagagalit sa iyo in particular. Marahil ay naiinis siya knowing that you are from

Manila. Pero gaya ng sinabi niya kanina, nakahanda talaga akong samahan ka if you chose to stay in one of the hotels sa bayan ng General Santos. Kahit pa nga gustuhin mong bumalik na lang sa Maynila," seryosong tugon ng kaibigan.

"Ang dami namang arte ng kuya mo! Ano naman kung taga-Maynila ako? Bakit, may preference pa ba siya sa lugar na pagmumulan ng kung sinumang magiging bisita ninyo?" sarkastikong asik niya.

Bumuntong-hininga si Camille bago nagpatuloy sa pagpapaliwanag. "Kuya Jed met a girl once and she was from Manila. If I am not mistaken, he dated her not only once. But soon she turned out to be a sucker. From then on, nawalan na siya ng tiwala sa mga babaeng taga-Maynila. Iisa lamang daw ang kulay ng mga ito—mga mapaglaro sa pag-ibig."

"But that's unfair! Dahil lamang sa kasalanan ng isa ay idadamay na niya ang iba pa. At saka, how would you explain what happened to me? Hindi ba't ako ang niloko, not the other way around?"

"Precisely my point. Pero hindi ba't ganoon ka rin naman? Si Noel lang ang nanloko sa iyo, pero ang sinabi mo'y hindi ka na uli pa magtitiwala sa iba pang lalaki?"

"Magkaiba ang kaso namin ng kuya mo," paiwas na sagot niya. Masakit pa rin sa kanya na maalala ang panloloko ng ex-boyfriend. "By the way, have you met the girl who hurt your brother?"

Umiling si Camille. "No. Kuya Jed never attempted to introduce the girl to me kahit noong nandito pa ako. At lalo akong walang nabalitaan about her noong nasa Manila na ako. Maging ang pangalan nga ng babae ay hindi niya sinabi sa akin. And I don't think Kuya Jed would tell me now should I ask him about her." Tiningnan siya nito nang maigi. "Pakieksplika nga sa akin kung paanong nagkaiba ang inyong naging karanasan? Hindi ba't pareho lang naman kayong nabigo dahil ang mga minahal ninyo ay hindi pala karapat-dapat?" Sandaling nanlaki ang mga mata nito. "Oh, my! Ano kaya kung kayong dalawa na lang ang…."

Sadyang ibinitin ni Camille ang sinasabi bago nanunuksong tumingin sa kanya. Si Mylene naman ay nanlaki ang mga mata sa gustong ipahiwatig ng babae.

"Puwede ba, Camille. Don't you dare think about it! There can be no romance between me and your brother. Nakita mo naman at narinig kung paano kami magbangayan. Alam mong labag sa loob niya

ang pag-stay ko dito sa inyo. Kung hindi mo pa siya tinakot, siguradong hindi iyon papayag."

# 4

Nang hapong iyon ay naisipan ni Mylene na puntahan ang napakalawak na garden na kanyang natanaw mula sa bintana ng kanyang silid. Excited siyang makita ang iba't ibang bulaklak na nakatanim in pots of different sizes at shapes.

Natutulog si Camille nang puntahan niya ito sa silid nito kaya siya na lamang mag-isa ang bumaba sa paikot na hagdanan. Naroon iyon sa isang gilid ng terrace sa labas ng silid na ginagamit niya at derecho na iyon sa hardin kaya hindi na niya kailangan pang dumaan sa malaking hagdanan sa sala.

Kaninang nag-aalmusal sila sa napakalawak na komedor ay hindi niya napigilan na isatinig ang kanyang pagkamangha sa pagkakadisenyo ng buong bahay.

Gayundin, hindi niya napigilan na humanga sa nagmamay-ari niyon dahil na rin sa mga kuwento ni Camille tungkol dito. Naalala niya ang usapan nila kanina....

"Bakit ba ganito kalaki ang bahay ninyo? Just look at the staircase. Kanina nang bumababa tayo

ay may pakiramdam akong I was about to have my debut party na ginaganap sa isang five-star hotel sa Makati. And now the grand dining room. Ang kulang na lang ay ang mga miyembro ng gabinete ni Presidente Arroyo dahil nakahanda na ang long table para mapag-usapan ang iba't ibang batas na ipapanukala at ipapatupad."

Napangiti ang kaibigan. "Actually, gusto kasi ng parents namin ng isang malaking pamilya. Kaya nga lang ay hindi nangyari iyon dahil maaga silang binawi sa amin ng Maykapal. I was only eight when they died in that plane crash. And since then, si Kuya na ang nag-alaga sa akin.

"Oh, I'm sorry, Camille. Sa kadaldalan ko ay naungkat na naman ang malungkot na bahagi ng iyong childhood," sincere na sabi niya.

"No, it's okay. Matagal na namang nangyari iyon so naka-recover na kami ng Kuya. Although nami-miss pa rin namin sila hanggang ngayon, it doesn't hurt anymore kapag napag-uusapan muli ang tungkol doon."

"Kung ikaw ay eight years old lamang noong maaksidente ang parents ninyo, how old was your brother then? Sino ang nakatulong niya sa pag-aasikaso ng mga naiwan ng inyong mga magulang?"

"Diyan ako bilib kay Kuya Jed. He was only fifteen that time. But because of his determination, maaga niyang natutunan how to run the estate sa tulong ng overseer ng rancho na pinagkatiwalaan ng Papa—si Mang Alfredo. Siya na rin ang itinuring naming tatay-tatayan ni Kuya dito sa Tierra del Savio. May bahay sila diyan sa likod kung saan kasama niya ang asawa niyang si Manang Lucing at ang anak nilang si Marco.

"Kahit hanggang ngayon ay katu-katulong pa rin ni Kuya Jed si Mang Alfredo pati na rin si Marco. 'Tapos si Manang Lucing naman ang nag-aasikaso dito sa buong bahay."

"Señorita Mylene, gusto ninyo na po bang magmerienda?" narinig ni Mylene na tanong sa kanya ng isa sa mga maids na nakilala niya kanina. Ang tinig nito ang pumutol sa kanyang pagnilay-nilay. Nakita siya nito habang nagmamasid siya sa mga halaman sa hardin. "May niluto po akong suman at saka ginataang bilo-bilo."

"Kayo pala, Aling Pacing. Busog pa ho ako; mamaya na lang ho siguro kapag gising na si Camille para sabay na kaming kumain. Maglilibot lang ho muna ako dito sa garden. At saka kung puwede ho sana ay huwag ninyo na akong tawaging 'Señorita',

Mylene na lang ho," nakangiting sabi niya sa matandang babae na gumanti rin ng ngiti kasabay sa marahan nitong pagtango.

"Kayo po ang bahala. Magaling pong mag-alaga ng halaman ang mag-inang Lucing at Marco kaya talaga hong marami ang napapahanga sa mga bulaklak dito," kuwento ni Aling Pacing. "May magaganda pa hong halaman sa banda roon." Itinuro nito ang parte na nakaharap sa malawak na taniman ng mga punong-kahoy.

Ganoon na lang ang paghanga ni Mylene nang makita sa malapitan ang iba't ibang klase ng bulaklak at iba pang halaman na hindi niya matukoy ang mga pangalan.

Pinagsawa na lang niya ang mga mata sa pagtingin sa nakahilerang magagandang halaman at bulaklak. Ilang saglit pa ay naghanap siya ng maaaring maupuan, kung saan matatanaw pa rin niya ang kagandahan ng hardin.

Isang nakausling malaking ugat ng punong-kahoy ang nakita niya di-kalayuan sa kanyang kinatatayuan. Doon niya napagpasyahang pumuwesto.

Dahil sa katahimikan ng paligid ay hindi

napigilan ng dalaga nang muling sumagi sa isipan ang naging dahilan kung bakit siya ay naroroon ngayon sa gitna ng isang malawak na lupain. Mula roon ang natatanaw niya ay pulos matataas na punong-kahoy, iba't ibang uri ng hayop at iba pang halamang ligaw na malalago rin ang tubo.

She wondered to herself what she had done at nagawa siyang saktan ni Noel. Bumalik sa isip niya ang araw nang una niya itong makilala…

*"Excuse me, Miss… may available pa bang computer? Nasira kasi ang laptop ko. Kailangan ko pa namang mag-e-mail sa ka-business deal ko right away," magalang na sabi ng lalaking kapapasok pa lamang sa* Bumble Bugs Internet Café*, a computer rental shop along Makati Avenue.*

*Pag-aari iyon ng magkaibigang Mylene at Camille who were both Computer Science graduates. They chose to put up their own business.*

*"Yeah, sure. You can use computer number twenty-three. And if you want, Sir, I can take a look at your laptop to find out what's wrong with it," nakangiting suhestyon ni Mylene sa lalaki na gumanti rin ng matamis na ngiti.*

At doon na nagsimula ang lahat pagkatapos

nilang ipakilala ang mga sarili. Noel started asking Mylene out, not only once… until they became romantically involved with each other.

Pakiramdam ng dalaga ay nasa cloud nine siya kaya naman hindi niya pinakinggan ang mga paalala sa kanya ni Camille na napaka-vocal sa pagsasabi na wala itong tiwala kay Noel.

Ang pagdududa ng kaibigan ay lalong nagtumining nang kaagad na mag-aya ng kasal ang lalaki gayung ilang buwan pa lamang silang nagkakaunawaan.

Sino ba ang mag-aakala na ang takot palang iyon ni Camille ay magkakaroon ng basehan? Hindi sumipot si Noel sa kanilang kasal three months ago.

At umaasa siyang ang gagawin niyang pagtigil dito sa rancho ay makakatulong nang malaki sa kanya upang makalimot sa masaklap na karanasan.

Nagbalik sa kasalukuyan ang isip ni Mylene nang ilipad ng malakas na hangin ang scarf na nakasabit sa kanyang leeg.

Mahalaga iyon sa kanya dahil isa iyon sa naging alaala sa kanya ng dating nobyo. Kailangan niyang makuha iyon muli.

Paglingon niya ay nakita niyang nakalatag ang scarf sa lupa sa kabilang bakod na hindi naman gaanong kataasan kaya hindi na siya nag-aksaya ng oras. Kaagad siyang pumakabila sa bakod upang kunin ang sentimental gift sa kanya ni Noel.

Pagkatapos damputin ang scarf ay pinagpag muna niya ang duming kumapit doon. Humakbang siya pabalik sa bakod na tinalon niya kanina nang bigla siyang matigilan.

Nakarinig siya ng rumaragasang tunog kaya napalingon siya sa pinanggagalingan noon. At ganoon na lang ang panghihilakbot niya dahil ilang metro na lamang ang layo sa kanya ng nagwawalang baka na animo torong sumusugod.

Sa tingin ni Mylene ay handa nitong banggain at silain kung sinuman o anuman ang haharang sa daraanan nito.

Nataranta siya. Hindi niya malaman kung saang dako siya susuling upang maiwasan ang dumarating na panganib. Batid niyang sa oras na mahagip siya ng nagtatatakbong hayop ay katapusan na niya kaya kailangan niyang makaalis sa lugar na iyon. Subalit heto at nakaumang sa kanya ang mahahaba at matutulis na sungay ng baka.

Napapikit si Mylene habang hinihintay na maglagos sa kanyang katawan ang masaklap na kamatayan. Pero bakit ganoon? Ang pakiramdam niya ay bigla siyang umangat sa lupa. Manhid na ba ang buo niyang katawan at hindi na niya nararamdaman ang hapdi at sakit?

Nagugulumihanang idinilat niya ang mga mata. Nanggilalas siya dahil nasa ibabaw siya ng tumatakbong kabayo at mahigpit na hawak ng lalaking ngayon ay nagliliyab ang mga mata sa galit sa pagkakatingin sa kanya.

"You little fool! Do you know you were just inches away from your death? What's so special about that damned handkerchief at nagawa mong isapalaran ang sarili mong kaligtasan dahil lamang diyan!" Halos maglagutukan ang mga ngipin ni Jed nang sabihin iyon pagkahintung-pagkahinto ng kabayo sa tabi ng malinaw na batis.

Kung sa ibang pagkakataon niya marahil nakita ang batis na ito ay tiyak na pagsasawain niyang muli ang mga mata sa magandang tanawing kanyang nakikita. At malamang hindi kakaibang tensyon at pangingilag ang nadarama niya ngayon para sa lalaki.

"I-it was a gift from someone," kandautal na

sagot niya.

"Gaano ba kahalaga sa iyo ang someone na ito at mas pinili mo pang ilagay sa panganib ang sarili mong buhay, makuha lamang iyan?" sarkastikong turan nito, sabay turo sa malaking scarf na tangan niya.

"It was a good thing na nakita kita agad, or else… I don't know what could have happened to you! Hindi mo man lang ba naisip iyon, o ganyan ka talaga katanga para hindi mo gamitin ang utak mo nang tama?" dagdag pa ni Jed sa tinig na punung-puno ng sarkasmo.

Hindi napigilan ng dalaga ang mapikon. Batid niya ang naging kapabayaan niya sa nangyari, pero sumosobra na yata ang lalaking ito sa pagpaparatang sa kanya ng kung anu-ano!

"Okay, I admit it was a stupid thing to do… b-but you don't have to yell and accuse me of something which I am not," mataray na sagot niya.

Napaangat ang sulok ng labi ng binata, gayundin ang kilay nito. Hindi nito sukat akalaing sa kabila ng kinasuungang panganib ni Mylene ay magagawa pang magpakita ng katarayan ang babae.

"Oh, really. Marahil ay isa iyan sa mga dahilan

kung bakit tinalikuran ka ng—"

Hindi nagawang tapusin ni Jed ang sinasabi dahil malakas na dumapo sa pisngi nito ang kanyang palad.

"How dare you!" singhal niya.

May gusto pa sana siyang sabihin. Ngunit dahil inungkat nito ang tungkol sa kanyang naging kasawian ay nawalan siya ng lakas ng loob. Parang muling hiniwa ang hindi pa gumagaling na sugat niya sa puso. Pinili na lamang niyang lumayo sa lalaki.

Mabilis siyang bumaba sa kabayo at pumihit upang tumakbo, subalit napigilan siya ng binata sa braso. Pinihit siya nito paharap.

"Ikaw pa lamang ang kauna-unahang nakasampal sa akin. Dito sa Tierra del Savio ay walang nangahas kantiin man lang kahit ang dulo ng aking buhok. I would like to tell you na hindi ko ito mapapalampas."

"Hah, you deserved it! At kung iniisip mong natatakot ako sa iyo, nagkakamali ka. Hindi ako mangingiming sampalin ka muli kapag ininsulto mo ulit ako."

"Ah, ganoon? Ngayon ako naniniwala na matapang ka ngang talaga! Tingnan natin kung hanggang saan ang tapang mo. When I am through with you, I'm sure you wouldn't be able to think of anything else."

Iyon lang at mapusok na sinakop ni Jed ang bibig ng dalaga upang bigyan ito ng mapagparusang halik.

Kulang ang sabihing nabigla si Mylene sa ginawa nito. At lalo niyang ikinagulat ang reaksyon ng kanyang katawan sa pagkakadikit na iyon ng kanilang mga labi.

Marahas man ang ginagawa nitong paghalik sa kanya ay hindi niya maiwasang manlambot. Hindi niya maipaliwanag ang kakaibang pakiramdam na lumukob sa kanyang buong pagkatao the moment his lips touched hers.

Noel had kissed her for so many times and yet she had never felt like this before. Hindi kailanman nangyari na pinanghinaan siya ng mga tuhod dahil sa isang halik… kagaya ng nararamdaman niya nang mga oras na iyon.

At nang magbago ang pamamaraan ng paghalik nito ay lalo siyang nawala sa sariling katinuan. Unti-

unti na niyang ipinipikit ang mga mata upang lalong namnamin ang luwalhating dulot niyon.

Pero hindi na iyon nagkaroon ng kaganapan. Naramdaman niyang inilayo ni Jed ang sariling labi sa kanya.

“There. Siguro naman ay alam mo na ngayon ang posibleng mangyari sa sandaling pagtaasan mo akong muli ng boses at salungatin ang aking kagustuhan,” parang walang anumang sabi nito samantalang si Mylene nang mga sandaling iyon ay habol pa rin ang paghinga. Ni hindi niya alam kung paano ibabalik sa normal ang tibok ng puso niya.

“Tayo na ng umuwi. May isa lamang akong request, Miss Montañez. If possible, keep yourself away from trouble like this. Lagi mong pakakatandaan na nasa gitna ka ng kabukiran kung saan halaman at puno lamang ang iyong makikita. Idagdag pa ang iba’t ibang uri ng hayop na naglipana sa paligid. Huwag kang umakto rito na parang nandoon ka sa lungsod na kinalakhan mo. Dito, better use your head. If you don’t, you’ll find yourself in big trouble.”

Walang babalang hinawakan siya ng lalaki sa baywang upang muling iupo sa ibabaw ng kabayo patagilid.

"S-sandali! M-maglalakad na lamang ako pabalik. You don't have to—" protesta ni Mylene subalit kaagad ding pinutol ng binata ang kanyang sinasabi.

"Look, it would be more convenient for both of us kung magiging cooperative ka, hindi 'yung lagi na lamang nakikipagtalo sa akin. Ayokong sa gitna ng aking ginagawa sa farm ay may tatawag sa akin to inform me that my stubborn visitor has lost her way back to the house."

Nagngingitngit man dahil sa kagaspangan ng ugali ng kasama, wala nang nagawa si Mylene kundi ang magpatianod sa gusto nito. Pagkaraang maiupo siya nito sa ibabaw ng kabayo ay ito naman ang sumakay upang pumuwesto sa kanyang tagiliran.

Wala silang kibuan habang binabagtas ng kabayo ang daan pabalik sa bahay. Wala siyang alam na sasabihin at kung mayroon man ay mas pipiliin pa rin niyang manahimik dahil baka mauwi na naman iyon sa pagtatalo nilang dalawa.

Sa kabila ng kanyang inis ay hindi niya maitanggi ang malakas na pagkabog ng kanyang dibdib. Pilit niyang sinusupil ang sarili na mapasinghap sa tuwing mapapadaiti ang kanyang balat sa matipunong katawan ni Jed.

At waring may hatid na kiliti sa kanya ang mabangong hininga nito everytime his breath fanned her face. Nakahinga lang siya nang maluwag nang tumigil ang kabayo sa tapat mismo ng tarangkahan ng bahay.

"Sige, pumasok ka na sa loob. Babalik na ako sa aking ginagawa. Kung hindi ako naabala nang husto, marahil ay tapos na ako sa bukid," sabi ni Jed sa tinig na punung-puno ng pang-uuyam pagkatapos siya nitong ibaba sa kabayo.

"Aba! Sinabi ko bang…!"

Muli ay hindi niya nagawang tapusin ang sinasabi dahil mabilis nitong pinatakbo ang kabayo palayo sa kanya.

# 5

"O, bakit parang galing ka sa giyera? Sino ba ang nakaaway mo at sambakol ang mukha mo?" tanong ni Camille na napasukan niyang nakaupo sa mahabang sofa na naroroon sa malawak na sala.

"Hmph! Sino pa ba sa tingin mo? Sino ba ang alam mong galit na galit sa akin dito sa Tierra del Savio," nagngingitngit na sagot niya.

"Bakit, ano na naman ang ginawa sa iyo ni Kuya Jed?"

Tumingin si Mylene sa gawi ng kaibigan. Bumuntong-hininga siya nang ilang ulit bago nagsimulang magkuwento. Sinabi niya rito ang lahat—mula sa simula hanggang sa katapusan—puwera siyempre ang mapusok na halik na ibinigay sa kanya ng lalaki.

"Pagpasensyahan mo na lang sana ang Kuya. Ganoon yata talaga kapag tumatanda, laging mainit ang ulo," hingi nito ng paumanhin. Mayamaya ay naging mapanukso ang tingin nito sa kanya. "Hmm… kahit ikaw ay parating mainit ang ulo. Hindi kaya matanda ka na rin? Kasi hindi lang iilang

pagkakataong nakikita kitang nagiging bugnutin na rin," dagdag pa nito.

Pinandilatan niya si Camille.

"Tse! Isa ka pa! Magkapatid nga talaga kayo! Baka ang kuya mo ang matanda. I'm only twenty-four."

"Ito talaga, hindi na mabiro. Hindi pa rin naman matanda ang treinta años, di ba? Hmm… isang treinta at isang beinte-cuatro años. Isang super guwapo at isang ubod ng ganda—a perfect pair. Ano kaya kung kayong dalawa ay… I'm sure maganda at guwapo rin ang magiging pamangkin ko."

"Ano! Nahihibang ka na ba? Ako at ang kuya mo? No, no, no, no, no, no!" hysterical na sagot ni Mylene.

"Bakit naman? Wala bang dating sa iyo si Kuya Jed?" malungkot na tanong nito.

"Nakalimutan mo na ba kung paano ipinamukha sa akin ng kuya mo na hindi niya gustong makitira ako rito sa inyo? Isa pa'y napakabrusko ng ugali niya! Pinapalampas ko na nga lang dahil kapatid mo siya.."

"Kaya nga. Hindi ba't diyan nagsisimula ang

lahat, sa away-bati muna? And then in the end, sila din pala ang magkakatuluyan. Malay mo, ganoon ang mangyayari sa inyo ni Kuya Jed," kinikilig pang saad ni Camille.

Nagpakailing-iling siya. "Who, me? Never! Okay lang ba kung iba na lang ang pag-usapan natin? Naaalibadbaran ako sa tinatakbo ng ating usapan, eh."

Pinakatitigan siya ni Camille at nang matiyak na seryoso siya ay marahan na lamang bumuntong-hininga. "Well, ikaw ang bahala." Saka naman ito biglang may naalala. "Ay! Oo nga pala, tayo na sa kitchen at kanina pa tayo hinihintay ni Nana Pacing. Naghanda daw siya ng masarap na merienda."

---

"Hindi ka pa ba aakyat sa kuwarto mo at nang makapagpahinga ka na rin?" tanong ni Camille kay Mylene pagkaraang matapos ipalabas ang paborito nitong programa sa telebisyon nang gabing iyon.

"Why? Don't tell me na inaantok ka na agad? Napakahaba ng itinulog mo kanina, 'tapos ngayon, ikaw pa ang mauunang magyaya para magpahinga?" Napailing siya.

Alam niya kung gaano kaantukin ang kaibigan.

Sa katunayan ay ayaw nitong magbantay sa computer shop after lunch dahil di-umano ay siesta time iyon. Kaya naman eversince ay naka-duty ito ng eight in the morning until twelve noon sa shop, samantalang siya ay one hanggang five in the afternoon.

May limang tauhan sila sa *Bumble Bugs Internet Café* na talaga namang pinagkakatiwalaan nila. Ganoonpaman, mas gusto pa rin nila na personal na pinamamahalaan ang kanilang munting negosyo, kahit pa nga ba magkaiba ang oras nila sa pagbabantay sa shop.

May mga pagkakataon ding magkasama silang nagbabantay. Ang isa nga roon ay noong makilala niya si Noel sa unang pagkakataon.

"Hmph! Alam mo namang iyon lang ang weakness ko—ang matulog. So hayaan mo na lang ako. Hindi ako katulad mo na sanay sa puyatan. Kaya sige, good night na sa iyo."

"Sige, good night," aniya.

Tinungo na ni Camille ang hagdanan upang pumanhik sa itaas ng bahay.

Nang maiwang mag-isa ay napatingin si Mylene sa malaki at antique na grandfather's clock na nasa isang bahagi ng dingding sa sala. Sa tabi niyon ay

ang antique ding piano.

Dalawang oras pa ang hihintayin niya bago ipalabas ang paborito niyang program kaya hinagilap niya ang remote control ng TV at pinindot ang off button niyon.

Alam niyang nagpapahinga na ang lahat ng kawaksi sa bahay na iyon. Alam niyang halos hatinggabi na rin kung umuwi si Jed; minsan nga ay halos madaling-araw pa.

Nalaman niya mula sa kaibigan na halos doon na sa bukid tumitigil ang lalaki, lalo na kapag panahon ng anihan o dili naman kaya ay panahon ng panganganak ng mga alagang hayop.

Di-umano ay may ipinatayo itong maliit na bahay sa hangganan ng lupang pag-aari nito. Doon ito namamalagi kung saka-sakaling kailangan nitong doon magpalipas ng gabi sa bukid. Kaya alam ni Mylene na nag-iisa na lamang siya sa maluwang na sala na iyon.

Napagpasyahan niyang lumabas ng verandah. Magpapahangin lamang siya habang hinihintay ang oras na ipalabas ang programang nais niyang panoorin. Paglabas niya ay natuwa siya dahil napakaliwanag doon. Bukod sa liwanag na

nagmumula sa mga ilaw na nakapalibot sa kabuuan ng bahay, ang bilog na buwan at napakaraming bituin ang tumatanglaw sa kadiliman ng gabi.

She decided to take a walk. Nasa loob pa rin siya ng bakuran ng malaking bahay ng mga del Savio. Tiwala siyang ligtas siyang gawin ang gayon.

Iyon ang pagkakamali niya. Nakaharap siya ngayon sa panibagong panganib. Nakakatiyak siyang hindi niya maliligtasan iyon sa dulo ng matutulis na ngipin ng asong nagbabaga ang mga mata habang nakatingin sa kanya.

Para siyang itinulos sa kanyang kinatatayuan. Sa isip ay gusto niyang pagsisihan kung bakit nakasama pa siya kay Camille sa pagpunta sa rancho na ito sa General Santos City.

Payapa nga, matiwasay at maganda ang kabuuan ng paligid, pero tila may kakambal siyang kamalasan pagtapak na pagtapak pa lang niya sa lugar na ito. At bakit hindi? Sunud-sunod na aberya ang dumarating sa kanya.

Una ay narinig niya mismo sa bibig ng kuya ng kaibigan ang pagtanggi nito sa gagawin niyang pagtigil sa tirahan ng mga ito. Bagaman napilitan itong pumayag dahil sa pamba-blackmail ng kapatid,

alam niyang naroon pa rin ang threat sa kanya ni Jed.

Pangalawa ay ang kahindik-hindik na karanasan mula sa nagwawalang baka. Kung hindi sa maagap na pagsagip sa kanya ng binata mismo ay natuhog na siya marahil ng mahahaba at matutulis na sungay ng nasabing hayop.

At ngayon ay heto ulit siya sa bingit ng kapahamakan mula sa mga pangil naman ng malaking aso habang buong bangis na umaangil sa kanya.

Kailangang paganahin niya ang utak para maligtasan ang tiyak na kamatayan—kung hindi sa mga ngipin nito ay sa rabies marahil na tinataglay ng hayop. Dapat ay tumakbo siya nang mabilis palayo sa lugar na ito.

Ngunit bago pa man niya maisagawa ang balak ay may narinig siyang sumigaw nang malakas, "Brutus, behave!" At himalang parang naging maamong tupa bigla ang mabangis na hayop at pagkuwan ay humakbang palapit sa malaking puno, ilang hakbang lamang ang layo sa kinaroroonan niya.

Dahil malago ang mga dahon sa madilim na

bahaging iyon ng bakuran ay hindi maaninag ng dalaga kung sino o ano ba ang pupuntahan ng aso.

Malakas na napasinghap siya nang makita ang kabuuan ng lalaki na kani-kanina lamang ay sumagi sa kanyang isipan. Yumukod ito upang haplusin ang ulo ng aso na hindi na kababakasan munti mang galit at kabangisan.

At nang tumingin sa gawi niya si Jed ay nakita niyang ito naman ang nagliliyab ang mga mata habang nakatingin sa kanya. Parang nahuhulaan na niya ang mangyayari lalo at nagmamadali na itong lumalapit sa kanyang kinatatayuan, kasunod ang malaking hayop.

"Ano ang ginagawa mo rito sa labas? Hindi mo ba alam na napakadelikado ng ginawa mo? Paano kung hindi ko agad naawat si Brutus? Do you think you would still live should that ferocious animal devoured you?" anito sa dumadagundong na boses. Muli siyang sinagilahan ng takot.

"I… I'm sorry. H-hindi ko… S-sino ba ang mag-aakalang… H-hindi ko kasi napansing…."

Hindi niya maapuhap ang tamang sasabihin dahil sa nerbyos. Hindi iyon dahil sa mabangis na aso na muntik-muntikanan nang nakasila sa kanya

kundi dahil sa nakikitang anyo ng lalaki. Why, he looked murderous!

“Nakalimutan mo na ba ang sinabi ko sa iyo na umiwas ka sa alinmang panganib dito sa Tierra del Savio? How come you are still here outside the house? Where is Camille?”

“S-she’s probably asleep already. I am… or rather, w-was watching TV when I decided to take a walk first since it’s still two hours before I can watch my favorite TV program. Natangay ako ng mapanghalinang liwanag ng buwan kaya hindi ko napansing nakalayo na pala ako... hanggang sa narinig ko na lamang na umaangil si Brutus.” At nanginginig na napatingin siya sa gawi ng aso sa paanan ng binata.

“Kung ganoon ay hindi mo pala pinagana ang utak mo. Muntik ka na namang mapahamak because of your foolishness! I told you, hindi puwede rito ang tatanga-tanga,” patuloy pa rin nito na hindi man lang pinansin ang panginginig ng boses niya.

That was the final straw. Jed called her foolish, stupid at kung anu-ano pa. Kung kanina ay natatakot siya sa lalaki dahil galit ito, ngayon ay hindi na. Wala siyang nararamdaman ngayon sa kausap kundi pagkasuklam.

"How dare you! You know what, Mr. del Savio, you are the only one I knew who kept calling me names! And if you think I will let you get away with all those insults, better think again. I've never been insulted in my whole life. If not for Camille—"

Galit na sinansala nito ang sinasabi ng dalaga. "If not for her, I would not have accepted you here! Better remember that, Miss Montañez. At baka nakakalimutan mo ring sa lahat ng ayaw ko ay 'yung kinakalaban ako! Nagtataka tuloy ako kung sinasadya mong galitin ako. Alam mo namang maaari akong dumating anumang oras at lumabas ka pa."

May kumislap na kung ano sa mga mata ni Jed. "Hindi kaya... sinadya mo talagang mapagawi rito because you know I would have my way here, coming from the stables?"

Kumunot ang noo ni Mylene. Hindi masyadong rumehistro sa isip niya ang huling sinabi nito.

Nagpatuloy ito, "Nami-miss mo na ba ang iyong ex-boyfriend kaya ako ang napapagbalingan mo ngayon? Why, you should have told me earlier. Para naman hindi ka na napuyat sa paghihintay sa akin. Hindi ka na rin sana muntik pang napahamak sa kuko ni Brutus."

Nanlaki ang mga mata niya nang sa wakas ay makuha ang gusto nitong sabihin, na isang malisyosong akusasyon.

"How conceited can you get, Mr. del Savio! At bakit naman kita hihintayin? Hindi pa ako nasisiraan ng bait para gawin iyon! Ang lakas din naman ng loob mo para sabihin sa akin iyan…" pagtataray niya. "At puwede bang huwag mong ikumpara ang sarili mo kay Noel dahil magkaiba kayo. Wala ka kahit man lang sa kalingkingan niya! I do not know kung saan ka kumuha ng ganyan kalakas na confidence para isiping sinadya kong lumabas para hintayin ang pagdating mo… the nerve!"

Naningkit ang mga mata ni Jed sa narinig mula sa kanya.

"Tama. Magkaiba kaming talaga dahil kahit kailan ay hindi ko magagawang talikuran ang anumang naipangako ko na sa isang babae. At hindi ako naniniwala sa gusto mong palabasin na you are not affected by my presence."

"Dahil iyon ang totoo," pagbibigay-diin ni Mylene.

Ngumisi ito nang nang-iinis. "Oh? Are you going to deny that you enjoyed a lot the first time I

kissed you? And I am willing to bet the whole Tierra del Savio, you will enjoy much more if I kiss you again right now," sabi nito sa nanghihibong tinig. Himalang ang matinding galit nito kanina ay dagling nawala at napalitan ng isang kakaibang emosyon na sa tingin ni Mylene ay mas mapanganib kaysa sa galit nito.

Para sa kanya, mas gusto niyang nagtatalo sila ng binata. Sa ganoong paraan ay hindi nagkakaroon ng puwang sa kanyang puso ang ligaw na damdaming hindi niya kayang ipaliwanag. At lubos niyang kinatatakutan iyon....

"T-there's no use talking to you. Good night, Mr. del Savio."

Tumalikod na siya upang makaiwas sa kakaibang sulyap na ipinagkakaloob nito sa kanya, partikular na sa kanyang mga labi. Subalit hindi pa man niya naihahakbang ang mga paa ay sinambilat na siya nito at ikinulong sa mga bisig.

"L-let me go, you beast!"

Kahit ano ang gawin niyang pagpipiglas ay hindi siya makawala sa parang bakal na mga braso ni Jed na mahigpit na pumipigil sa kanya. Ilang sandali pa ay hinawakan ng isang kamay nito ang baba niya at

itinaas sa kanyang mukha.

Pinangalugan ng tuhod si Mylene dahil sa pagkakadikit ng kanilang mga katawan. At para siyang yelo na unti-unting natutunaw nang sinimulang paglandasin ng lalaki ang daliri nito sa iba't ibang bahagi ng kanyang mukha. Hindi siya nakakilos.

Maingat nitong dinama ang kanyang mapupungay na mata, dahilan upang mapapikit siya nang bahagya. Pagkatapos, naramdaman niyang pinagapang nito ang daliri pababa sa kanyang maliit ngunit matangos na ilong.

Gusto na niyang pangapusan ng hininga dahil sa ginagawa ni Jed lalo ngayon na ang likod naman ng palad nito ang masuyong dumarampi sa kanyang magkabilang pisngi. Pakiramdam niya ay lumipat na sa mukha niya ang lahat ng dugo sa kanyang katawan.

Hiling ni Mylene na sana ay hindi sapat ang liwanag ng buwan para makita nito ang pamumula ng kanyang mga pisngi. Ilang saglit pa ay hindi niya napigilan ang impit na pagpapakawala ng isang mahinang ungol dahil ang mga labi na niya ngayon ang masuyong dinadama ng binata.

Walang pagmamadali sa kilos ni Jed habang hinahaplos ng malaking daliri nito ang kanyang itaas at ibabang labi. Napasinghap siya kasabay ng marahang pagbubukas ng mga mata nang bahagyang idiin nito ang daliri sa labi niya. Ganoon na lang ang gulat ni Mylene dahil ilang dali na lang pala ang agwat ng kanilang mga mukha.

Hindi sinasadyang bahagyang nanulak ang dalawang palad ni Mylene na nakapatong sa dibdib nito. Naisip niyang kailangang itigil na ng lalaki ang kalokohang ito dahil kung magtatagal pa ay hindi na siya nakakatiyak pa sa maaaring mangyari sa kanila….

"P-please, Mr. del Savio…" nanulas sa labi niya, bagaman hindi tiyak kung ano ba ang ipinapakiusap dito.

Buong kasimpatikuhang ngumiti si Jed. Lumabas ang mapuputi at pantay-pantay nitong mga ngipin.

Guwapo na ang binata kahit pulos animosity lang ang ipinapakita nito sa kanya… kahit pa madalas ang pagkunot nito ng noo. Ngunit higit itong attractive ngayong nakangiti ito.

Mylene saw danger. Why, his smile was lethal.

"Please what, Miss Montañez? Or should I call

you 'Mylene?' Sounds good to me. Don't you know you possess a very exotic and at the same time dangerous beauty? It reminds me of a particular character in English literature that has a face capable of launching a thousand ships."

That was a compliment, all right. Pero hindi magawang makapagpasalamat ng dalaga. Kakaiba ang sensasyon na dumadaloy ngayon sa buong katawan niya dahil sa matagal na pagkakadaiti ng kanilang mga katawan.

"L-look, Mr. del Savio… I don't t-think I can take much m-more of this. T-tigilan na natin ang walang-kuwentang usapang ito."

Pagkasabi niyon ay nagpumilit siyang tanggalin ang pagkakayakap nito sa kanya. But all her efforts were in vain. Ni hindi niya magawang baklasin ang mga braso nitong nakapulupot sa kanyang baywang.

"Yeah, I agree with you. We better stop this conversation. I have in mind something that is more exciting… and I'm sure you'll agree with me that this is far more enjoyable than talking."

Kinabahan siya dahil sa nakikitang pangingislap ng mga mata ng kaharap.

"It's rather l-late. I… I think I'd better—"

Subalit hindi na hinayaan pa ni Jed na tapusin niya ang anumang sasabihin. Mabilis nitong tinawid ang ilang pulgadang pagitan ng kanilang mga mukha at sinakop ang mga labi ng nabiglang dalaga.

Mylene felt so helpless. Nararamdaman niyang tinatraydor siya ng sariling isip at katawan sa kabila ng kanyang pagsusumikap na manatiling hindi apektado sa mapusok na pananalakay ng lalaki sa kanyang bibig.

And when she felt his tongue seeking entry, she more than yielded. Ginaya niya ang paraan ng paggalaw ng labi nito. She kissed him back the way she was being kissed.

Nang magpakawala siya ng mahinang ungol ay lalo nitong pinagbuti ang pananalasa sa kanyang mga labi. Mas pinalalim pa nito ang halik.

Gusto niyang panayuan ng balahibo nang maramdaman niyang ang mga kamay ni Jed ay unti-unti na ngayong gumagawa ng sariling landas sa kanyang katawan. Nagsimula sa likod, paakyat sa leeg hanggang mapagawi iyon sa mayaman niyang dibdib.

Hindi naging hadlang ang suot nilang damit… ang manipis na telang tumatabing sa kanyang

katawan upang hindi niya maramdaman ang init na lumukob sa kanyang buong pagkatao dahil sa ekspertong pagdama ng binata.

Ilang saglit pa'y lalo na siyang kinabahan nang iwan nito ang kanyang mga labi upang maglandas paibaba ang bibig nito. Dahan-dahang naglakbay ang mainit nitong mga labi patungo sa kanyang leeg hanggang umabot sa pagitan ng kanyang dibdib na nakalitaw na pala dahil sa nalaglag na spaghetti straps ng tank top niya. Hindi niya namalayang naibaba nito iyon.

"J-Jed! T-this is not right! I… I think you better stop." Hindi niya napansing natawag niya ang binata sa first name nito.

"Hmm… what could be wrong with what we are doing? I can feel your needs; I'm sure you can feel mine… So let's just enjoy the rest of the night making each other happy," humihingal na usal ni Jed while raining her skin with wet kisses which really tingled her skin with erotic sensation.

Hindi tuloy niya namalayang nagawa na rin pala nitong tanggalin ang hook ng kanyang bra sa likod kaya anumang sandali ay batid niyang isa sa mga dibdib niya ang susunod na sasakupin ng mga labi nito. Kailangan niyang kumilos kung ayaw niyang

tuluyang makalimot.

Marahas siyang kumawala at itinulak ang binata. “N-no, s-stop!” Nanginginig ang mga daliri na mabilis niyang itinaas ang straps ng damit. Sinalubong niya ang galit na tingin ni Jed. “I… I don’t like what you’re doing to me. I…I find your kisses and touch... abhorring, s-so please—”

“You little cheat! I don’t believe that after you wantonly responded to my kisses just right now, you’d say it’s abhorring!” pigil ang galit na sabi nito. “Ganyan ka rin ba kay Noel… or whatever his name is? No wonder nagawa ka niyang—”

Isang malakas na sampal sa pisngi ng lalaki ang pumutol sa sinasabi nito. At bago pa man ito makapag-react ay tumakbo na siya palayo. Hindi nakaligtas sa paningin nito na umiiyak siya.

Bahagya namang na-guilty si Jed. Tila may nagbubulong sa kanyang habulin niya si Mylene. Ngunit dahil hindi niya alam kung ano ang maaari niyang sabihin dito kung saka-sakali ay nagkasya na lamang siya sa paghaplos sa nasaktang pisngi.

Pagkaraan ng ilang saglit pa ay nagpasya na rin siyang pumasok sa loob ng kabahayan.